

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Kinikilala ng Lungsod ang Linggo ng Pambansang AccessAbility mula Mayo 31 hanggang Hunyo 6, 2020

BRAMPTON, ON (Hunyo 4, 2020) – Kinikilala ng Lungsod ng Brampton ang Linggo ng Pambansang AccessAbility hanggang Hunyo 6. Ang Linggo ng Pambansang AccessAbility ay nagdiriwang sa mahalagang mga kontribusyon ng mga Canadian na may mga kapansanan, at kinikilala ang mga indibidwal, mga komunidad at mga trabahuhan na nagsisikap na tanggalin ang mga balakid sa pagiging accessible at nagsasali.

Ang Lungsod ng Brampton at ang [Komite ng Accessibility Advisory](#) nito ay dedicated sa pagtiyak na ang mga tao sa lahat ng edad at kakayahan ay makapag-enjoy sa magkaparehong mga pagkakataon habang sila ay namumuhay, nagtatrabaho, naglalaro, bumibisita at namumuhunan sa Brampton. Ang Komite ng Accessibility Advisory ay nagbibigay ng isang porum para sa mga taong may kapansanan para ipaabot ang mga isyu at mga concern. Nagpapayo rin ito at gumagabay sa Konseho ng Lungsod ng Brampton sa mga usapin kaugnay ng mga programa, patakaran at mga karaniwang ginagawa ng Lungsod.

Sa panahon ng COVID-19 pandemic, nagpapatuloy ang Lungsod sa pagsuporta sa mga residenteng may kapansanan sa pamamagitan ng Mga Task Force para sa mga Senior at Suporta sa Lipunan. Kabilang sa suporta na ito ang pamimili ng grocery, access sa pagkain at pagbibigay ng alternatibong mga pormat ng impormasyon. Bisitahin ang www.brampton.ca para sa mga accessibility resource at para makakuha ng anumang inilathala o online na content ng Lungsod sa [kahaliling mga pormat](#).

Rating sa Accessibility Certification ng Rick Hansen Foundation

Noong Marso, inanunsyo ng Lungsod na ang Brampton ay napili bilang isa sa sampung munisipyo sa Ontario kung saan ang mga lokal na organisasyon ay maaaring mag-aplay para sa isang komplimentaryong Rick Hansen Foundation Accessibility Certification (RHFAC), isang programa na nagre-rate kung gaano kadalang pasukan ang mga gusali para sa mga taong may kapansanan.

Ang non-profit, pampubliko at pribadong mga organisasyon sa Brampton ay hinihikayat na samantalahain ang libreng RHFAC rating para mas maunawaan ang antas ng pagiging madaling pasukan ng kanilang gusali at matukoy ang mga paraan ng paggawa ng mga pagpapaunlad. Ang mga gusaling magkakamit ng sapat na mataas na rating ay magiging Rick Hansen Foundation Accessibility Certified o Accessibility Certified Gold.

Ang bagong komplimentaryong programang RHFAC ay tinutustusan ng Pamahalaan ng Ontario sa pakikipagtulungan ng Rick Hansen Foundation na may layunin na gawing mas madaling pasukan ang mga komunidad. Napili ang Brampton dahil sa laki ng populasyon nito at sa pagkakaiba-iba sa usaping heograpiya. Mga 25 lokasyon sa buong Brampton ang magiging kwalipikado para sa komplimentaryong ratings sa RHFAC. Kailangang mag-aplay ang mga organisasyon sa www.rickhansen.com/freerating.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programang RHFAC, bisitahin ang www.brampton.ca

Mga Award ng Pagiging Madaling Pasukan

Ang mga Award ng Pagiging Madaling Pasukan o Accessibility Awards ay isang programang civic recognition na kumikilala sa mga indibidwal, mga negosyo, at mga organisasyon sa Brampton na nagpapakita ng isang commitment sa pagiging madaling pasukan at pagpapasali sa mga taong may kapansanan.

Ang mga nominasyon para sa 2020 Accessibility Awards ay magbubukas sa Setyembre. Hinihikayat ang mga residente na tingnan ang website ng Lungsod sa taglagas para sa dagdag na impormasyon at isang online nomination form. Ang mga nanalo ng award sa 2019 ay makikita [rito](#).

Ipipresenta ang mga award sa Disyembre sa Brampton City Hall.

Mga Quote

“Ang Brampton ay Binubuo ng Iba-ibang mga Kasapi, at ang Lungsod ay committed sa pagtanggap ng mga balakid para sa mga taong may kapansanan at dinagdagan ang pagiging accessible sa ating komunidad na diverse. Hinihikayat ko ang lahat ng Bramptonian na makiisa sa amin sa pagdiriwang ng Linggo ng Pambansang AccessAbility, at sa pagdiriwang sa mga pagsisikap ng mga nasa buong bansa natin na nagsisikap na gawing madaling pasukan at nagsasali ang Brampton at Canada para sa lahat.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Bilang isang miyembro ng mga komite sa Accessibility Advisory ng Lungsod ng Brampton at ng Rehiyon ng Peel, ipinagmamalaki ko ang trabaho na ginagawa ng ating mga miyembro para gawing accessible at nagsasali ang Brampton para sa mga tao sa lahat ng kakayahan. Sa panahon nitong Linggo ng Pambansang AccessAbility, hinihikayat ko ang lahat na ipagdiwang ang ating kapwa mga Canadian na may mga kapansanan para sa kanilang mahalagang kontribusyon, at pagkilala sa mga tao, mga komunidad at lahat ng trabahuhan sa Brampton at sa buong bansa. Kilalanin natin ang lahat ng nagsisikap na tanggaling ang mga balakid sa pagiging accessible at nagsasali.”

- *Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8; Myembro, Komite ng Accessibility Advisory ng Lungsod ng Brampton; Miyembro, Komite ng Accessibility Advisory ng Rehiyon ng Peel*

“Sa Lungsod, tayo ay dedicated sa pagtiyak na ang mga tao sa lahat ng edad at kapansanan ay mag-enjoy sa kaparehong mga pagkakataon sa Brampton at pagkakasali sa mga gusali at mga flexible na espasyo para sa lahat. Nagpapasalamat ako sa staff sa buong organisasyon para sa trabahong ginagawa nila na gawing accessible ang ating mga serbisyo, mga programa, at mga pasilidad para sa lahat at sumali sa kanila sa pagdiriwang nitong Linggo ng Pambansang AccessAbility.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca